



IMPORMASYON UKOL SA BAKUNA NG COVID-19

MINISTRY OF HEALTH LABOUR AND WELFARE

PANAHOON NA MAAARING MAGPABAKUNA

- Mga tauhan ng medikal:
Simula sa kalagitnaan ng Pebrero
- Mga may edad:
Simula sa pagkaraan Abril 15

MGA MAAARING MAGPABAKUNA

Bilang prinsipyo, ang mga nakatala sa Basic Resident Register (may Residence Card).

*Subalit, ang mga diplomat na **hindi nakatala sa Basic Resident Register**, walang tirahan na hindi maaaring magpabakuna sa sariling munisipalidad na may hindi maiiwasang kadahilanan ay **maaaring mag aplay at magpabakuna sa ibang munisipalidad**.

RANGGO O PAGKAKASUNOD-SUNOD NG PAGPAPABAKUNA

1. Mga tauhan ng Medikal
2. Mga may edad (magiging 65 anyos sa loob ng taong 2021, ipinanganak bago ang araw ng Abril 1, 1957)
3. Maliban sa mga may edad, may mga karamdaman o mga tauhan ng home for the aged.
4. Mga wala sa itaas.

*Subalit, kung nararapat unahin ang mga nagdadalang tao at ang pagpapabakuna ng mga bata ay kasalukuyang sinisiyasat kung ito ay magiging ligtas para sa mga ito.

LUGAR NA MAAARING MAGPABAKUNA

Mga pang medikal na pasilidad o lugar na maaaring magpabakuna sa loob ng Munisipalidad ng sariling tirahan

*Magkakaroon ng site ng impormasyon ng pagpapabakuna para sa mga gagamit ng internet upang alamin ang lugar na maaaring magpabakuna. Mangyaring ating alamin ang mga impormasyon mula sa Munisipalidad.

PARAAN NG APLIKASYON NG BAKUNA

1. Bago sa panahon ng bakuna, may matatanggap na Kupon para sa Bakuna at Impormasyon ukol sa Bakuna ng COVID-19 mula sa Munisipyo.
2. Alamin kung dumating na ang panahon na ang sarili ay maaari nang magpabakuna.
3. Humanap ng medikal na pasilidad o lugar na maaaring magpabakuna.
4. Magpareserba sa pamamagitan ng telepono o internet.
5. Siguraduhing dala ang natanggap na Kupon para sa Bakuna mula sa munisipyo at Dokumento na mapagkakakilanlan (Residence Card, Health Insurance Card, Driving License) sa oras ng pagpapabakuna.

HALAGA NG PAGPAPABAKUNA

Ang buong halaga ng bakuna ay sasagutin ng Gobyerno, **kaya ito ay walang bayad.**

MGA KASUNDUAN SA ORAS NG BAKUNA

Ang pagpapabakuna ng COVID-19 ay **hindi sapilitan**. Kaya ang bakuna ay isasagawa lamang sa taong nakakaintindi sa impormasyon ukol sa bakuna at susunod sa kasunduan. Nararapat na alam rin ang bisa at magiging side effect ng bakuna

at nasa sariling pagnanais na magpabakuna. **Hindi maaaring isagawa ang bakuna kung hindi aayon sa kasunduan ang taong magpapabakuna.**

COVID-19 VACCINE CALL CENTER

TEL: **0120-761770** (Libreng tawag) (Sabado, Linggo • Araw ng Pista)

Oras ng pagtanggap: Tingnan ang nasa ibaba

- Hapon • Ingles • Tsina • Koreyano • Portuguese • Espanyol: 9:00 ~ 21:00
- Thai: 9:00 ~ 18:00
- Vietnam: 10:00 ~ 19:00

KONSULTASYON PARA SA COVID-19 NG MHLW

TEL: **0120-565653** (Libreng tawag) (Sabado, Linggo • Araw ng Pista)

Oras ng pagtanggap: Tingnan ang nasa ibaba

- Hapon • Ingles • Tsina • Koreyano • Portuguese • Espanyol: 9:00 ~ 21:00
- Thai: 9:00 ~ 18:00
- Vietnam: 10:00 ~ 19:00